

# **Paghimbing sa Templo**

## Bell Church

Kung Enerong mahamog at nag-uusbong ng karayom  
ang punông píno, bababâ mulang tuktok ng arko  
ang eskayolang dragon, pupulupot sa bubóng ng pabelyon,  
at mananáog sa mga puting terasa ng templo.

Hihigitin ng mga bítang shaolin ang mausok nitong bigote,  
isusúnong ang katawang kumikiwal na puláng sawá,  
at sa bagsak ng tambol, malalaglag sa tísang sahig  
ang mga kaliskis nitong apoy. Isang kapisang úling  
ang gugúlong papasók ng monasteryo, titigil sa harap  
ng malamlam na altar, at kung habulin mo't pulutin,  
mamamasdan pagtingalâ ang matatandang bathala,  
nakadungaw mulang limang bintanilya. Ayaw mo man,  
ibubunyag nila sa iyo ang nalalabí mo pang  
mga tag-araw, orakulo para sa bagamundo mong noo,  
sa pusò mong alkansiya ng alikabok at bató.

Pagbabalik mo ng hardin, lumipas na ang maraming  
mga tagsibol. Kipkip mo pa rin sa ermitanyong dibdib  
ang lihim, bitbit sa inuuban nang pusò,  
at pagtalunton sa burol at pagoda, balahibo itong  
iyong ilalapag sa pisngi ng kampanà sa gulod  
samantalang sa paanan mo, nahuhulog  
ang mga karayom mula sa punông píno.

## Montjuïc

*Those imprisoned there included federal republicans, the hero of Philippine independence Jose Rizal (1896), anarchist workers held there in 1897 during the trial known as the Procés de Montjuïc...*

— Castell de Montjuïc, Ajuntament de Barcelona

Ipunin sa gulod ang hukbo ng mga relo  
At kubkubin ang tarangkahan ng kastilyo.

Liparin ang lagusan tungong garison.  
Sa isang kumpas, tatahimik ang mga kanyon.

Halughugin ang mga nakakandadong bartolina.  
Mapapatid na tila pisi ang mga kadena.

Samsamin ang mga ripleng nakatutok sa pader.  
Pawalan ang mga kondenadong nakapiring.

Pag-akyat ng mga baitang ng baluarte,  
Matutunton ang selda ng kayumangging bayani,

Tutulak pabalik ng panagimpang siyudad,  
At sisilang sa wakas ang republika ng liwanag.

Ngunit nang gumulong ang kinalawang na pintô,  
Bakanteng yungib ang dinatnan ng pusò,

At isang anghel na may punit na pakpak,  
Nagwiwikang *Nakaalis na siya. Wala na rito*  
*ang inyong hinahanap.*

## **Konstantino**

*Pagkatapos ng 'Constantinople' ni Joseph Tawadros*

Nagsisimula ngayong gabi ang parada sa España,  
Ipinagdiriwang ang pagkakahanap sa Banal na Krus.  
Nasa unahan si Konstantino, musmos na emperador,  
Akay-akay ng dalagitang reyna.

Nakauniporme bilang kongkistador ang paslit,  
Tangan ang piraso ng itim na krus.  
Nalalaglag sa aspalto ang mga rosas, mga talulot ng dugô,  
Mga tirintas ng Golgotang aming niyayapakan.

Pagsapit ng tulay, nagpapatihulog sa pusikit na ilog  
Ang mga titis ng kaniyang sulyap. Lumulutang  
Na mga parol. Lotus na singningning  
Ng mga moske sa Bosphorus.

Kanya rin kayang bibinyagan ng kaniyang ngalan  
Ang lungsod na itong kayrami nang naging pangalan?  
Pinukaw siya ng Reyna mula sa kaniyang pananaginip.  
Nagpatuloy siya sa paglalakad, hawak-hawak

Ang relikyang sa abenida ng dagitab,  
Sa mga plasang pinakukutitap ng mga munting nitso.

## Testimonya ng Tubig

Naroon ako nang iniwan ang mag-ina sa disyerto.  
Nakamasid ako sa kumot ng halumigmig,  
sa hamog na bumababa kung gabi.

Narinig ko ang tinig nilang tinuyot ng uhaw,  
nasamyong ang nasusunog nilang mga talampakan.  
Nasilip ang paslit na iniwan sa ilalim  
ng dumupok na puno, ang inang humahangos  
sa humuhulas na mga templo ng buhangin.  
Nanlilisik ang araw, tumutudla ng mga palaso ng apoy.

Ako lamang ang saksi, akong ang tanging tungkulin  
ay ang magmasid, manood,  
ang magmanhik-manaog sa daigdig—  
*ulap, ulan, ilog.*

Sa disyerto, nababatid ko kung gaano katagal mamatay  
ang ketongin o ligaw na kabayo.  
Sa bulubunduking buhangin, ako ang malikmata  
ng naghihingalo, ang pawis na naiwan  
sa mga kalansay.

Kayrami kong nasaksihan at napagmasdan.  
Ano sa akin ang pagkapugnaw ng dalawang nilalang?

Ngunit nang walang agham o mahika  
ang kumilos o nag-abala, tinipon ko ang lahat  
ng sa aki'y pumipintig at dumadaloy  
sa kailaliman

upang bumálong na tila bumubukad na pusò  
dito sa pusod ng disyerto.

Maaaring pangalanan mo ako, sambitin  
sa nanilaw na mga pahina  
ng iyong mga pananalig—  
*nasa Bathala ang awa.*

Ngunit dinggin: ako rin ang luha  
ng inulila mong kaluluwa, ang ilog sa iyong mga ugat,  
lumiliko sa bawat pagsasanga ng mga salinlahi,  
pumipili ng tutunguhing bayan, tribu, tahanan,  
hardin at katayan,  
sinagoga at meskita.

Ako rin ang tubig na dumaloy  
sa ubasan ng patriyarko,

sa lawang napupuno ng mga konstelasyon  
(binibilang ng ama ang mga supling  
niyang bituin).

Ako rin ang tubig  
na isinalin niya sa katad na sisidlan

sapagkat kinabukasan, iiwan niya  
ang kaniyang mag-ina  
sa disyerto, sa Berseba

kung saan naparoon kami't nanood,  
ako at ang lahat ng sangnilikha,

gayundin ang mga arkanghel  
mulang matatayog nilang bintana—

naghihintay na magsibabaan  
nang sa gayo'y maiproklama ang himalâ.

## **Mga Anotasyon sa Kapitulo Hinggil sa Jericho**

Nang umalingawngaw ang mga hiyaw at pakakak,  
nagsiguho ang mga pader ng pinalibutang siyudad.  
May nag-uulat kayang mga eskriba mula sa loob?  
Nang umagang iyon, masigla ba ang tawaran  
ng alpombra't lampara sa mga basár sa daang muralya?  
May nananabáko ba't nag-aalmusal ng isaw sa may parian?  
Gaano katingkad ang kariton ng kahel at persimon  
nang nagsigúlong ang mga adobe at pumisak sa napadaáng  
paisano't maybahay? Ilang mga tipak ang tumilapon  
sa ospital, ang dumagan sa mga eskuwela't ampunan?  
Nang magdilim, may tumuntong ba sa mga guhò,  
naghukay habang inuulinig ang mga paslit na hikbi't hingalo?  
Walang mga ganitong ulat kahit sa Apokripa.  
Nang tuluyang magsiguhò ang mga pader,  
pinasok ng mga sundalo ang tarangkahan, nilipol  
ang nalalabing mga lalaki, babae, musmos,  
pati mga tupa, guya, asno. Sinunog at pinatag ang mga bulebard  
at distrito, pinagbawalang magtayò ng gusali,  
barong-barong, o kural ang kahit sino. May nakatanda ba  
ng ngalan ng kanilang mga makata? Gaano karaming libro  
ang lamán ng kanilang aklatan? May pahina bang  
nakaligtas sa apoy, isang pilas lamang  
na muling bubuhay sa umagang iyon  
ng sinasabing makasalanang siyudad?

## **Iftar**

Tila umaalsang tinapay  
na bagong-ahon sa pugon  
ang putîng simboryong  
tanging nalabi  
sa sumambulat na moske.

Pagkapanalangin,  
naghain ng hapunan  
ang mga mag-anak  
sa gitna ng mga guhò  
ng dati nilang tahanan.

Sa wasak na kusina,  
pinaghahati-hati nila  
ang píta, nagbitak-bitak  
sa hapag, tila mga piraso  
ng kongkreto.

## Ang mga Umuuwi

Nagbabalik silang lahat sa binombang siyudad.  
Sa madaling araw, tinatawid nila ang mga guhò,  
Dagat na hinahati ng bukanliwayway.

May mga umuwing nakasaklay. May putol ang kamay,  
Pisak ang mata. May umuwing mag-isa.  
Nasa mga guhò ang asawa, anak, magulang.

May nagsasabing hahagkan nila ang alpombra,  
Ang sahig ng komedor kung kanilang matagpuan.  
Ngunit sa iba'y sapat nang matunton ang morgé o sementeryo.

Nagliliwanag ang dáko ng abenidang binuldoser.  
Kumikinang ang karatula ng sumambulat na plasa.  
Nililigid ng silahis ang mga natabunang eskinita.

Ngunit nababatid nilang ang daratnang tahanan  
Ay di na yaong hinahanap. Maging silang umuwi ay di na sila.  
Hinahanap nila sa guhò ang kanilang mga katauhan.

## **Ang Gagamba sa Impyerno**

*(Pagkatapos ni Ryūnosuke Akutagawa)*

Nagising ako sa hardin ng Paraiso,  
Naglalambitin sa ibabaw ng matining na lawa.  
Hinipo ng panginoong Buddha ang matang-tubig,  
At nasilip ko sa kalaliman, kumikilapsaw,  
Ang dagat-dagatang apoy.  
Nasilaw sa lagablab ng mga nasusunog  
Ang kulumpon ng aking mga balintataw.

At natanaw ko siya roon,  
Sa gitna ng mga nalalapnos na mukha,  
Siyang saglit lamang na nasalubong sa maikli kong buhay sa lupa.  
Pakinggan, kung mamarapatin:  
Nalaglag ako noon mulang dumupok na sanga  
At natagpuan niyang gumagapang sa damo. Yumukod siya't  
Ilang sandali akong pinanood, isang makisig at naaaliw  
Na diyos, at nang mamasdan ang kamandag  
Na ibinabadya ng marka sa aking likuran  
Ay niyapakan ako hanggang ako'y maging mantsa sa bato.

Mula rito sa hardin, nagbibigay-init sa aking mga pisngi  
Ang mga alipato ng kaniyang walang-hanggang  
Pagkatupok, habang tila nagbubuhol-buhol sa aking tiyan  
Ang makapangyarihang sapot, na ayon sa panginoong Buddha  
Ay magsisilbing sinulid ng awa,  
Hiblang bababa sa karimlan at sa kaniya'y sasagip  
Kung ipupukol ko lamang sa kaawa-awa't  
Kayliit na nilalang.

## Sa Arashiyama

Sa tarangkahan ng templo,  
nakasulat sa munting mga pirasong kahoy  
ang mga hiling ng turista't peregrino.

Nakasabit ang palotsinong mga dalangin,  
estampitang Hapon: maaaring pamamanglaw  
sa iniibig, pag-apuhap sa namaalam.

Sa umaga, hinahaplos ng sinag ang mga titik  
ng samo't lunggati, ihinuhuni ng mga tarat  
samantalang nalalagas ang mga sakura.

Humangin man, matibay ang puláng  
mga písing nagbibigkis, bagamat minsa'y  
lumulundo ang haligi sa dagsa ng dasal.

Kapag napunô, pinipitas ang mga kahoy,  
tinitipon at sinusunog. Lilipad ang alipatong  
siyang ganap na paglaya ng mga hiling.

Ngunit sa ngayon, mga usal silang nilalangitngit  
ng hangin, mga bulong na nagsasakawayan  
habang nangungulila ang lagaslas ng ilog.

## **Aduongan**

Sa gulód, tinutubóg ng takipsilim ang mga guhò  
ng katedral, at nagsisiupô ang mga peregrino  
sa arko ng mga batóng nakadungaw sa bangin.  
Sa kabilâ, naglalambitin ang mga ataul sa tadyang  
ng talampas, nakabayubay na retablo ng mga kawal  
na pumanaw, inaanod sa ilog ng ulop at hamog,  
sagwanan ng katad nilang mga mukha't talampakan.  
Nobyembreng kulimlim at nagsisitiklop ang mga buko  
ng sipres at nalalagas ang metalikong agunyas  
ng mga pakpak. Tumutugaygay ang dalagita't  
binatilyo sa mga payyó ng munting koloseo,  
nilalandas ang anonimong kalyehon tungong  
sementeryo sa taluktok. Doon, sa halip ng kandila,  
sigâ ang sumusubaybay sa bawat nitso,  
nagpapasiklab sa anino ng mga punongkahoy,  
kung kaya't napapatda ang mga mangingibig  
sa tarangkahan ng nasusunog na burol,  
namamangha sa piging ng mga natutupok na bathala.

## **Panata**

*Il faut cultiver notre jardin.*— Candide

Kaytagal kong napabayaang hardin.  
Muling naghari ang masamang damo,  
dinarambong ang bakuran at pinapasok ang silong.  
Nanunulisan ang talahib at amorseko,  
dinudumog at binabaklas ang mga balag.

Inaamag ang mga talbos ng balinghoy.  
Pinipigtas ng mga uwang ang kamumukadkad  
na sampaga. Sinasalakay ng mga hantik  
ang bumbunan ng bubot na makopa.

Hindi ako makatulog.  
Kapre ang punong kabalyero sa gabi.  
Nginangatngat ng mga susô ang aking panaginip.

Bukas, Panginoon, pagkalooban ng mata  
ang kalaykay at asarol, ng awit ang gulok at karit,  
sa panahong naghahasa ng lakas at bait  
itong inuubang hardinero.